**Iisang Braso na Kampeon**

Mga Tauhan:

**Ginoong Rakas Roob** – Hapon na Judo Master na naninirahan na ng matagal sa Pilipinas

**Juan Gamat** – ang batang may iisang braso

**Aling Nena** - Nanay ni Juan Gamat

**Kaki Chan** – Kampeon ng Judo Tournament at bully sa kanilang lugar

**Brizy Lee** – runner-up na kampeon ng Judo at isa ring bully sa kanilang lugar

Lugar ng pinagyarihan : **Barangay Kai**

---

( kinuwento si G. Rakas na parang Narrator ang simula ng kwento )

**Rakas Roob** : Isang araw, pumunta ako sa tindahan ni Aling Nena para bumuli ng suka. Nakita ko ng isang batang umiyak at nakatulala. Anak pala ito ni Aling Nena na tinutukso ng mga bata sa aming lugar, dahil wala itong kanang braso.

Naputol ang kanyang kanang braso dahil sa aksidente sa kotse. Dahil na rin sa panunukso ng ibang bata, naging sobrang mahiyain si Juan at nawalan ng tiwala sa sarili.

(lumapit si Aling Nena kay G. Rakas Roob)

**Aling Nena** : Ginoo, nabalitaan ko mula sa ating mga ka-nayon na mahusay kang magtuturo ng Judo. Maari n'yo po bang gawing estudyante ang aking anak? Nag-aalala kasi ako sa kanya, mula nang mawala ang isa n'yang braso ay naging mapag-isa ito at ayaw ng makipag-kaibigan. Madalas na rin kasi s'yang ma-bully at tuksuhin sa paaralan.

Nagbabakasali lang na baka bumalik ang sigla at tiwala sa sarili kung may mahanap siyang bagong pagkaka-abalahan.

(dumaan si Kaki and Brizy )

**Kaki** : Haha andito pala si Boy putol… hahaha.

**Brizy :** Hahaha…. Malapit na ang torneo ng Judo, kailangan naming ng taga-buhat ng gamit, baka gusto mong ikaw nalang, para may pakinabang ka.

**Juan :** ( tumahimik lang na umiiyak )

( umalis na sina Kaki and Brizy )

**Rakas Loob :** Mukhang kulang sa aruga ang mga batang iyon. Titingnan ko Aling Nena kung ano ang magagawa ko.

(lumapit si G. Rakas kay Juan)

**Rakas Roob :** Iho, pagod ka na bang maging talunan?

**Juan** : Ano po?

**Rakas Roob :** Sabi ko, iiyak ka lang ba d'yan  habang buhay, o gusto mong lumakas at lumaban muli sa buhay.

**Juan** : Opo, gusto ko pong magbago ang buhay ko. Gusto ko bumalik ang saya ko nung may kanang kamay pa ako.

**Rakas Roob :** Simula bukas tawagin mo akong 'Guro'. Tuturuan kita ng Judo at ibabalik natin ang lakas ng loob at tiwala mo sa iyong sarili.

( kinabukasan, nagsimula ng ensayo si Juan )

**Rakas Roob:** Simula ngayong araw ito lang ang gagawin mo. Ang tawag sa teknik na ito ay 'Eraser Hand'.

**Narrator:** Nagpakita ng **matinding pagka-matapat sa sarili** si Juan nang magsanay ito ng paulit-ulit ng iisang teknik sa mahabang panahon, naka-bantay man o hindi ang kanyang guro.

Hanggang sa umabot ang isang buwan at mainis na ito at nagreklamo kay G. Rakas.

**Juan:** Guro, bukas na ang torneo, bakit ito lang ang ginagawa ko mula pa noon, wala po ba kayong ituturong ibang teknik sa akin?

( mahinahon na sumagot si G. Rakas. )

**Rakas Roob:** Magtiwala ka lang aking mag-aaral, wala ka nang dapat matutunan pa. Sapat na sapat ka na para sa torneo bukas.

**Narrator:** Sa bahay nila Juan, kinausap nya ang kanyang nanay na si Aling Nena

**Juan:** Nag-aalala ako inay para bukas, sabi ni guro sapat na ang alam ko para sa paligsahan bukas, pero iisang teknik lang ang alam ko.

**Aling Nena** : Ang totoo anak, wala talaga akong naiitindihan sa larangan ng Judo, pero naniniwala ako sa iyong guro, sapat na sapat ka na para sa paligsahan bukas. Naniniwala ako sa iyong guro, pero higit sa lahat, naniniwala ako sayo ng buong-buong.

**Narrator:** Kinabukasan, araw ng torneo. Ang unang laban ay sina Juan at Brizy

**Brizy** : Tingnan mo nga naman, ang akala ko kanang kamay mo lang ang nawala! Pati pala katinuan ay nawala na rin sayo. Paano mo akong tatalunin, mas matagal na akong nagsasanay ng Judo at kompleto rin ang katawan ko.

Pagsisisihan mo ito!

( Nagsimula na ang laban )

**Brizy :** ( lumusob ng mabilis )

**Juan :** ( ginawa ang Eraser Hand Teknik )

**Brizy :** ( biglaan nalang bumagsak )

( nagulat at nasigawan ang mga manonood )

( lumapit si Aling Nena kay G. Rakas )

**Aling Nena** : Ginoo, sa totoo lang nagulat ako sa nangyari, hindi ko alam kung naging maswerte lang ang anak ko o talagang lumakas na s'ya. Pero matagal nang kampeon ang susunod nyang makakalaban. Kilala rin 'yang si Kaki na malupit na kalaban, kakayanin ba sya ni Juan?

**Rakas Roob :** Manood ka ng mabuti sa susunod na laban, Aling Nena. Ang masasabi ko lang, buo ang tiwala ko sa aking mag-aaral.

( Dumating ang oras ng ikalawang laban, laban para sa kampeonato )

**Kaki :** Naging pabaya si Brizy kanina kaya naka-tsamba ka. Pero ubos na ang swerte mo Boy Putol, ipapahiya kita ng sobra-sobra. Pagkatapos ng laban natin, wala ng matitira sa iyo kundi kahihiyan.

**Kaki :** ( Lumusob ng mabilis at malakas. Nagpa-ulan ng maraming suntok at sipa )

**Juan :** ( nagulat sa bilis at lakas ni Kaki, napa-atras at naka-depensa lang habang pinapaulanan ng suntok at sipa ni Kaki )

**Kaki :** ( nakaramdam ng pagod, umatras ng konti )

**Juan :** ( nakakita ng pagkakataong gamitin ang Eraser Hand habang umaatras si Kaki)

**Kaki** : (biglang bumagsak matapos tamaan ng Eraser Hand)

( Nagulat ang lahat ng manunuod. )

**Aling Nena** : Ang galing ng anak ko! Kampeon ang anak ko!

**Narrator** : Pagkatapos ng torneo, habang nasa locker room ang mag-Guro

**Juan :** Guro, hanggang ngayon di ko parin maintindihan ang nangyari. Di ako maka-paniwala na naging kampeon ako ng torneo. Kahit na mas malalakas at magagaling ang mga nakalaban ko. Tapos, wala pa akong kanang braso at iisang basic teknik lang ang alam ko.

**G. Rakas:** Una sa lahat, iho, humanga ako sa dedikasyon mo sa pagsasanay. Kahit di kita masyado nabantayan, tuloy-tuloy kang nagsanay. Ikalawa, malayo ka na sa dating tahimik at mahiyain na bata. Di mo lang napapansin ng masyado dahil sa kababaan ng iyong loob, na natutuhan mo na magtiwala sa inyong sarili. **Matatag na rin ang iyong loob** na harapin ang mga pagsubok sayo. At /ang huli, ang Eraser Hand ay hindi basic teknik, isa iyon sa pinakamahirap na teknik sa Judo.

Hindi rin iyon, madaling pigilan, lalo na kung galing sa iyo.

**Juan :** Ha?! Bakit po?

**G. Rakas** : Dahil bago mapigilan ang Eraser Hand, kailangan mahawakan ng kalaban mo ang iyong kanang kamay.

**Juan :** (ngumiti sa guro, at nag bow sa guro bilang paggalang at pasasalamat)